


Republic of the Philippines
**Department of Education**
**Regional Office IX, Zamboanga Peninsula**

# 5

Zest for Progress
Zeal of Partnership

# Edukasyong Pantahanan at Pangkabuhayan

## Ika-apat na Markahan-Modyul 1:

### Batayang Kaalaman at Kasanayan sa Gawaing-Kahoy at ang iba pang Lokal na Materyales sa Pamayanan



Pangalanng Mag-aaral: ____________________________

Baitang at Pangkat: ____________________________

PangalanngPaaralan: ____________________________

**Bumuo sa Pagsusulat ng Modyul**

| | | |
|---|---|---|
| **Manunulat** | : | Maricel T. Gagan |
| | | Fedelyn D.Cagbabanua |
| **Editor** | : | Amancio B. Cainta, Jr. |
| **Tagasuri** | : | Jerry P. Perong |
| **Tagakuha ng Larawan** | : | Fedelyn D.Cagbabanua |
| **Tagalapat** | : | Maricel T. Gagan |
| **Tagapamahala** | : | Ella Grace M. Tagupa,Ed.D. |
| | | Jephone P. Yorong,Ed.D. |
| | | Jerry P. Perong |
| | | Jose C. Overa |
| | | Marilou S. Cagbabanua |
| | | Gemmalyn O. Ruiz |




# Alamin

Sa modyul na ito, inaasahang maipamamalas mo ang sumusunod na kaalaman, kakayahan at pag-unawa:

- Natatalakay ang mga mahahalagang kaalaman at kasanayan sa gawaing kahoy at iba pang local na materyales sa pamayanan



# Balikan

**Panuto:** Hanapin sa Hanay B ang sagot sa tinutukoy sa Hanay A. Isulat ang titik ng tamang sa hot sa patlang bago ang bilang.

| Hanay A | Hanay B |
|---|---|
| _____ 1. Talaan ng mga putahe | A. agahan |
| _____ 2. Talaan ng mga sangkap at paraan ng pagluluto | B. food pyramid |
| _____ 3. Gabay sa paggawa ng menu | C. menu pattern |

_____ 4. Pinakamahalagang pagkain sa buong araw D. recipe

_____ 5. Dinnerware, flatwares, glasswares, linens E. table appoinments

F. table cloth

| Aralin 1 | Batayang Kaalaman at Kasanayan sa Gawaing-Kahoy at iba pang Lokal na Materyales sa Pamayanan |
|---|---|



## Tuklasin

**Panuto:** Bilugan ang mga salitang may kinalaman sa aralin. Hanapin ang lokal na materyales na karaniwan ay ginagamit sa iba't ibang larangan sa ating pamayanan.

| | | | | | | | |
|---|---|---|---|---|---|---|---|
| G | K | Q | Q | W | E | T | K |
| A | A | F | H | J | K | L | A |
| H | W | T | Y | I | O | N | H |
| B | A | B | A | K | A | I | O |
| N | Y | S | F | V | M | Y | Y |
| K | A | B | Y | B | E | O | H |
| M | N | K | O | P | O | G | K |
| D | K | D | A | T | A | H | D |
| H | S | G | H | K | L | K | S |
| S | E | R | A | M | I | K | A |



## Suriin

Basahin at unawaing mabuti ang teksto.

### Materyales na Gamit sa mga Gawaing Pang-industriya

Ang bansang Pilipinas ay sagana sa mga likas na yaman. Bilang patunay, marami tayong mga produkto at natutugunan ang mga pangunahing pangangailangan ng mga mamamayan. Napararangalan sa iba't ibang larangan ang Pilipinas sa ibang bansa dahil sa mga yamang-mineral, agrikultura, yamang-dagat, at iba pa. Ang mga ito ay patuloy na magagamit hanggang sa hinaharap basta tama ang paglinang at paggamit nito. Ang ilan sa mga materyal na ito ay ang mga sumusunod:

1. **Mga Himaymay**
   a. **Abaka**
   Ito ay isang klase ng sinulid, seda o himaymay na gawa sa puno ng abaka. Tinatawag din itong Musa Textilis sa wikang Latin at Manila Hemp naman sa Wikang tagalog. Tumutubo ang halamang ito na may taas na 20 talampakan (6m). Ang fiber nito ay ginagamit sa paggawa ng sinulid, lubid,manila paper, at damit.

   b. **Buri**
   Ito ay isa sa pinakamalalaking halamang Palmera. Ang bunga nito ay puwedeng matamisin, ang ubod ay maaaring ulamin. Ang katas nito ay ginagawa naming tuba,atangfibernitonatinatawagna "buntal" ay ginagawa naming sombrero. Ang midrib ng dahon ay ginagamit sa paggawa ng walis, basket, at iba pang kasangkapan. Ang kahoy na ito ay ginagawang "table". Ang halamang ito ay umaabot ng 20 hanggang 40m.

   c. **Rami**
   Ito ay tinatawag ring Amiray at Ramie naman sa Ingles. Karaniwan, ang halamang ito ay tumutubo sa lugar na may mainit na klima. Tumataas ito ng 1 hanggang 2.5m. May lapad itong 7 hanggang 15cm. Ito ay ginagamit sa paggawa ng tela. Ang fiber nito ay mas matibay sa seda at bulak.

   d. **Pinya**
   Ito ay may pangalan na Ananas Comosus at marami itong mga mata. Ang fiber nito ay ginagamit sa paggawa ng mga tela at papel dahil sa taglay nitong pino, puti, lambot, at pagkasutla.

2. **Niyog**
   Ito ay isang uring Palmera na lumalaki hanggang 25m pataas. Ang katawan naman nito ay may sukat na 30 hanggang 50m. Tumutubo ito sa iba't-ibang bahagi ng Pilipinas. Tinatawag itong "Tree of Life" dahil sa dami ng gamit na taglay nito. Dito nagmumula ang virgin coconut oil, copra at panggamot para sa mga may sakit sa pag-ihi.

3. **Katad**
   Ito ay tumutukoy sa mga balat ng malalaking hayop, katulad ng baka o mga wangis-baka. Dumaan ito sa mahabang pagpoproseso para manatili ang katibayan at angking katangian. Ang karaniwang mga gamit nito ay sa paggawa ng sapatos, dyaket, mahahabang pangginaw, palda, at iba pang mga damit. Ginagamit din ito sa paggawa ng sinturon, bag, maleta, at mga kasangkapang pambahay at pang-opisina.

4. **Seramika**
   Ang uring lupa na ginagamit sa mga produktong seramika ay luwad. Ito ay pino, malagkit, at ang karaniwang ay dilaw, pula, o abo. Hurno ang ginagamit upang maihulma ito sa nais na mga anyo at upang matuyo agad.

5. **Plastik**
   Tumutukoy sa materyal na binubuo ng malawak na uri ng *synthetic organics* at *compound*. Ginawa ito mula sa organic compounds gamit ang prosesong *polymerization*. Ito ay maaaring imolde sa iba't ibang anyo sa solidong mga bagay. Ilan sa mga produktong yari sa plastik ay lalagyan ng mga inumin, baso, plato, lutuan, basket, kutsura at tinidor, straws, CD, mga appliances, at ilang bahagi ng mga sasakyan.

6. **Elektrisidad**
   Ito ay mga materyal na ginagamit sa pagsusuplay ng koryente, sa pag-iinit at pag-iilaw. Napadadali nito ang mga gawaing elektrisidad. Halimbawa ay ang mga kable na yari sa tanso, *nichrome*, *transformer, insulators* kagaya ng mga *plastic insulator*, seramika at iba pa.

7. **Kabibe**
   Ang kabibe, kapis o sigay ay isang uri ng matigas at pamprotektang panlabas na balat, kaha, balot, o baluti na nabuo sa pamamagitan ng napakaraming iba't ibang hayop, kabilang na ang mga maluska, trepan, krustasyano, pagong, pawikan, at iba pa.

8. **Baging**
   Ito ay mga materyales din na maaaring gamitin sa paggawa ng iba't ibang produkto tulad ng kampanilya, niyug-niyogan, haomin, at kadena de amor.

9. **Rattan**
   Ang Rattan ay isang uring halaman na tumutubo mula 250 hanggang 650m. Ito ay karaniwang makikita sa Afrika, India, at Timog Silangang Asya. May *tendrils* ito sa dulong mga dahon kaya ito ay may kakayahang gumapang sa mga puno. Ang rattan ay ginagamit sa paggawa ng mga kasangkapan sa bahay tulad ng upuan, duyan, higaan, cabinet, at malalaking buslo.



# Pagyamanin

**Panuto:** Isulat ang iyong **PANGALAN** kapag tama ang pangungusap, **APELYIDO** naman kung mali ang nilalaman ng aytem.

_______1.Ang Rattan ay tinaguriang "Tree of Life" dahil sa na pakaraming gamit nito.
_______2.Ang Katad ay mula sa lupang luwad at madaling ihulma.
_______3.Ang Abaka ay halaman na ginagamit sa paggawa ng tela at papel.
_______4.Ang Plastik ay yari sa *metalic compound* at sumasailalim sa prosesong *decomposition* upang mas tumibay ito.
_______5.Ang balat ng hayop ay tinatawag ding Amiray na karaniwang binibilad upang mahabi bilang damit at sinturon.



# Gawain

**Panuto:** Ibigay ang tinutukoy sa bawat bilang. Hanapin ang sagot sa loob ng kahon.

| | | |
|---|---|---|
| Seramika | Elektrisidad | Plastik |
| Katad | Kahoy | Kawayan |

____________1. Ito ay tumutukoy sa mga balat ng malalaking hayop, katulad ng baka o mga wangis-baka.
____________2. Ito ay may pibro at karaniwang ginagamit sa paggawa ng kabuuan ng bahay
____________3.Ito ay pino, malagkit, at ang karaniwang ay dilaw, pula, o abo.
____________4.Tumutukoy sa material na binubuo ng malawak na uri ng *synthetic organics* at *compound*.
____________5. Ito ay mga materyal na ginagamit sa pagsusuplay ng koryente, sa pag-iinit at pag-iilaw.



# Isaisip

**Panuto:** Base sa iyong natutunan, punan mo ang mga salaysay sa ibabang bahagi upang makompleto ito. Piliin ang sagot sa loob ng kahon.

| | | |
|---|---|---|
| maiwasan | pagreresaykel | paglago |
| paghirap | materyales | basura |

Bagamat sagana tayo sa 1. __________________ nararapat nating gawin ang 2. _____________________ upang 3. ____________________ ang labis na pagdami ng 4. ___________________ sa paligid at upang makatulong sa 5. _________________ ng pamayanan.



## Tayahin

**Panuto:** Bilugan ang titik ng tamang sagot.

1. Si Mang Amancio ay kilala sa pagiging magaling na karpintero sa Barangay Dampalan. Sa anong gawaing pang-industriya nahahanay ang kaniyang hanapbuhay.

   A. gawaing-metal
   B. gawaing-kahoy
   C. gawaing-elektrisidad
   D. lahat ng nabanggit

2. Anong bahagi ng niyog ang kapaki-pakinabang sa mga mamamayan?

   A. bunga
   B. kahoy
   C. dahon
   D. lahat ng nabanggit

3. Ang molave, narra, at kamagong ay nakapaloob sa anong material na industriyal?

   A. niyog
   B. kahoy
   C. katad
   D. himaymay

4. Anong uring himaymay na materyal na karaniwan ay gumagapang at ginagamit sa paggawa ng upuan, higaan, at cabinet?

   A. abaka
   B. rattan
   C. niyog
   D. himaymay

5. Paano napatitibay ang mga balat ng mga hayop na tinatawag ding katad?
   A. sa pamamagitan ng paggagamot

B. sa pamamagitan ng pag-aasin
C. sa pamamagitan ng pananahi
D. sa pamamagitan ng pagdidikit

**GAWAIN B**

**Panuto:** Tukuyin kung anong materyal yari ang mga sumusunod na larawang tinutukoy sa bawat aytem. Isulat ang titik sa patlang bago ang bilang.

| | | |
|---|---|---|
| Niyog | Plastik | Metal |
| Rattan | Elektrisidad | Kahoy |



1. ________________



2. ________________



3. ________________



4. ________________



5. ________________



# Karagdagang Gawain

**Panuto:** Gumawa ng kanta sa tonong **Leron-Leron Sinta** na nagpapakita ng pagpapahalaga sa mga materyales na gamit sa mga gawaing pang industriya. Gawing gabay ang rubrics sa paggawa nito upang makuha mo ang pinakamataas na puntos.

| Pamantayan | Deskripsyon |
|---|---|
| **Napakahusay (10)** | Napakalinaw, napakalinis, at napaka-organisado ang pagkagawa |
| **Katamtaman (7)** | Hindi gaanong malinaw, hindi gaanong malinis at hindi gaano kaorganisado ang pagkagawa |
| **Di-gaanongMaayos (5)** | Hindi malinaw, hindi malinis at hindi organisado ang pagkagawa |

**RUBRIK SA PAGSULAT NG KANTA**

# *Susi saPagwawasto*

| ***BALIKAN*** | ***TUKLASIN*** | ***PAGYAMANIN*** | ***GAWAIN*** | ***ISAISIP*** | **TAYAHIN** |
|---|---|---|---|---|---|
| *1. C* | 1.Kahoy | 1.apelyido | 1.Katad | 1.materyales | 1.B |
| *2. D* | 2. Niyog | 2.apelyido | 2.kahoy | 2.pagreresaykel | 2.D |
| *3. B* | 3. Kawayan | 3.pangalan | 3.Seramika | 3.maiwasan | 3.B |
| *4. A* | 4. Abaka | 4.apelyido | 4.Plastik | 4.basura | 4.B |
| *5. E* | 5.Seramika | 5.apelyido | 5.Elektrisidad | 5.paglago | 5.B |
| | | | | | GAWAIN B |
| | | | | | 1.Plastik |
| | | | | | 2.Rattan |
| | | | | | 3.Kahoy |
| | | | | | 4. Niyog |
| | | | | | 5.Elektrisidad |

# *Sanggunian*

(Gloria A. Peralta, 2016)

### Region IX: Zamboanga Peninsula Hymn – Our Eden Land

Here the trees and flowers bloom
Here the breezes gently Blow,
Here the birds sing Merrily,
The liberty forever Stays,

Here the Badjaos roam the seas
Here the Samals live in peace
Here the Tausogs thrive so free
With the Yakans in unity

Gallant men And Ladies fair
Linger with love and care
Golden beams of sunrise and sunset
Are visions you'll never forget
Oh! That's Region IX

Hardworking people Abound,
Every valleys and Dale
Zamboangueños, Tagalogs, Bicolanos,
Cebuanos, Ilocanos, Subanons, Boholanos,
Ilongos,
All of them are proud and true
Region IX our Eden Land

Region IX
Our..
Eden...
Land...

## The Footprints Prayer

One night I had a dream. I dreamed that I was walking along the beach with the LORD.

In the beach, there were two (2) sets of footprints – one belong to me and the other to the LORD.

Then, later, after a long walk, I noticed only one set of footprints.

"And I ask the LORD. Why? Why? Why did you leave me when I am sad and helpless?"

And the LORD replied "My son, My son, I have never left you. There was only one (1) set of footprints in the sand, because it was then that I CARRIED YOU!

## Trees by Joyce Kilmer

I think that I shall never see
A poem lovely as a tree.

A tree whose hungry mouth is prest
Against the earth's sweet flowing breast;

A tree that looks at God all day,
And lifts her leafy arms to pray;

A tree that may in Summer wear
A nest of robins in her hair;

Upon whose bosom snow has lain;
Who intimately lives with rain.

Poems are made by fools like me,
But only God can make a tree.